






Besryon sa Tagalog






タガログ語版

# Respetuhin



## Pagkakaiba ng

## bansa










## Pagkakaiba ng

## kultura

Narita City

Gabay sa Pamumuhay nang  
Magkakasama ng Iba't ibang  
Kultura



## Ano ang multicultural coexistence?


Ito ang pag-respeto sa pagkakaiba ng kultura ng mga taong may magkaibang nasyonalidad at lahi, at pamumuhay nang magkasama bilang parehong residente ng Narita City na pantay-pantay at walang diskriminasyon.



## Tungkol sa guideline

Kailangang bumuo ng komunidad kung saan ang mga residente ay madaling makapamuhay.


Para makabuo ng komunidad kung saan iniintindi ang kultura ng bawat isa at nirerespeto ang iba't ibang pananaw, pinagsama-sama ang mga pananaw na ito para makamit ang multicultural coexistence sa Narita City.



## Kalagayan ng banyagang residente sa Narita City


### Pagbabago sa populasyon

Ang bilang ng mga banyagang naka-rehistro bilang residente sa Narita City ay nasa 1,628 katao o dumami nang 38.3% sa loob ng 4 na taon kumpara noong katapusan ng Marso ng 2017.



### Populasyon ayon sa bansa/rehiyon

Kasabay ng pagdami ng mga banyaga, dumarami rin ang bansa at rehiyon, at mula sa 63 bansa/rehiyon noong katapusan ng Marso ng 2017, dumami na ito sa 66 bansa/rehiyon sa katapusan ng Marso ng 2021.



## Detalye ng guideline

Layunin	Pagpapatupad ng hakbang	Pangunahing pagkilos
Pagbuo ng lugar kung saan maaaring makapamuhay ang lahat nang magkasama	<p>① Ilathala sa banyagang wika ang mga abiso mula sa lungsod at nakakatulong na impormasyon. Gumawa ng lugar kung saan maaaring kumonsulta.</p> <p>② Bigyan ng oportunidad upang mas matututo ng wikang Japanese ang mga banyagang residente.</p> <p>③ Mas alamin ang kultura ng Japan.</p>	<p>Magbukas ng general consultation counter para sa mga banyaga. Gumawa ng pamphlet sa wika ng iba't ibang bansa.</p> <p>Magbukas ng Japanese language classroom para sa mga banyaga.</p> <p>Magbahagi ng nakakatulong na impormasyon para sa mga banyaga. Magsagawa ng on-site lecture.</p>
Pagbuo ng komunidad kung saan makakapamuhay na panatag ang kalooban	<p>④ Bumuo ng lugar kung saan makakapag-aral o matututo.</p> <p>⑤ Bumuo ng lugar kung saan makakapag-trabaho na panatag ang kalooban.</p> <p>⑥ Gumawa ng sistema na na nakakatulong sa panahon ng sakuna.</p> <p>⑦ Magsagawa ng serbisyo sa pagpapalaki ng bata at health/welfare/medical care.</p> <p>⑧ Magbigay ng tulong sa paghahanap ng bahay.</p>	<p>Magpunta ang gurong magtuturo ng wikang Japanese sa lugar ng mag-aaral na banyagang bata. Magturo ng klase upang alamin ang tungkol sa iba't ibang bansa sa mundo.</p> <p>Magturo ng skill na kailangan sa trabaho. Magbigay ng tulong sa indibidwal na nais magsimula ng negosyo.</p> <p>Gumawa ng plano para sa paghahanda sa lindol at bagyo. Ilabas sa iba't ibang wika ng mga bansa ang email ng abiso mula sa lungsod.</p> <p>Magpamigay ng Maternal and Child Health Handbook. Sumagot sa konsultasyon tungkol sa pag-aalala, pangamba, at iba pa sa pagpapalaki ng bata.</p> <p>Gamitin ang Housing Safety Net System.</p>
Pagbuo ng komunidad kung saan pinapahalagahan ang pagkakaiba ng bawat isa	<p>⑨ Palalimin ang pag-intindi at gumawa ng lugar para sa multicultural coexistence.</p> <p>⑩ Tumulong para maging madali sa mga banyaga ang pagsali sa event sa lokalidad at lipunan.</p>	<p>Magdaos ng Narita International Festival. Palalimin ang pag-intindi para mapahalagahan ang karapatang pantao.</p> <p>Palalimin ang pagkakaintindihan nang higit pa sa international exchange o bansa/rehiyon.</p>
Pagbuo ng komunidad kung saan nagagamit ang magandang katangian ng bawat isa	<p>⑪ Katulong ng mga banyaga, paramihin ang magagandang katangian ng Lungsod ng Narita at gawin itong handa sa pagiging global.</p>	<p>Paunlarin ang Narita Brand. Isulong ang universal tourism.</p>

Tagalathala: Narita City

Editing: Department of Civic Life, Civic Cooperation Section

760 Hanazaki-cho, Narita City, Chiba Prefecture 286-8585

TEL 0476-20-1507

Petsa ng paglathala: Disyembre, 2021

Registration number: Seikyo 21-049

